Pangalan: ______________________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula: _______________ Petsa Nang Natapos: ______________ Marka: ________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**
**Panghalip Pananong**

**I. PANUTO: Piliin ang titik ng tamang sagot sa bawat katanungan. Isulat ang iyong sagot sa patlang bago ang bilang.**

__________1. Anong uri ng panghalip ang tawag sa salitang ginagamit sa pagtatanong tungkol sa tao, bagay, hayop, lugar, o pangyayari?
a. Panghalip panaklaw
b. Panghalip panao
c. Panghalip pananong
d. Panghalip paari

__________2. Ano ang gagamitin mong panghalip kung nais mong magtanong tungkol sa halaga ng pangngalan?
a. Ilan
b. Gaano
c. Sino
d. Magkano

__________3. Tukuyin ang panghalip pananong na ginamit sa pangungusap.
**Saan-saan gustong mamasyal ng mga turista?**
a. gusto
b. mamasyal
c. turista
d. Saan-saan

__________4. Anong panghalip pananong ang bubuo sa pangungusap?
**________ ang magdadala ng aklat sa silid-aklatan?**
a. Ano
b. Saan
c. Sino
d. Kailan

__________5. Buoin ang pangungusap gamit ang wastong panghalip pananong.
**_________ uuwi ang tatay galing sa ibang bansa?**
a. Kailan
b. Saan
c. Magkano
d. Gaano

**II. Basahin at suriin ang mga pangungusap. Isulat ang TAMA kung wasto ang pagkakagamit ng panghalip pananong sa pangungusap at MALI naman kung hindi wasto. Isulat ang iyong sagot sa patlang bago ang bilang.**

__________1. Sino ang pangalan ng batang nagsauli ng pitaka?
__________2. Ano-anong araw ang paglalaro mo ng chess?
__________3. Kailan ang buwan ng pagtatanim ng palay?
__________4. Ilan-ilan ang pangunahing direksiyon sa mapa?
__________5. Kanino mo ibibigay ang sapatos na iyan?